

Muling Pagbubukas ng Lungsod ng New York: Ano ang Dapat Malaman ng Pangasiwaan ng Komersiyal na Gusali

Ngayong natugunan ng Lungsod ng New York (NYC) ang mga milestone ng pampublikong kalusugan na hinahayaan ang muling pagbubukas sa [Phase Two](#), maaari muling magbukas ang **pangasiwaan ng komersiyal na gusali**. Ang pangasiwaan ng komersiyal na gusali na muling nagbubukas sa unang pagkakataon at ang pangasiwaan ng komersiyal na gusali na tumatakbo na bilang isang esensiyal na negosyo ay dapat sumunod sa mga bagong mandato.

Para sa mga sagot sa mga pangunahing tanong tungkol sa muling pagbubukas, pakibasa ang [“Reopening New York City: Frequently Asked Questions”](#) (Muling Pagbubukas ng Lungsod ng New York: Madalas na Itinatanong). Hindi lahat ng tanong ay naaayon pero umaasa kami na makatutulong ito sa iyo na ipatupad ang mga bagong kinakailangan. Ang [mga pahina ng negosyo sa COVID-19](#) ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng NYC ay may karagdagang impormasyon at mga kasangkapan sa muling pagbubukas at pagmamantine ng mga operasyon sa panahon ng emergency ng pampublikong kalusugan sa COVID-19.

Tingnan ang nyc.gov/health/coronavirus para sa mga update. Maaaring magbago ang mga kinakailangan ng Lungsod at Estado habang nalalaman natin ang higit pa sa COVID-19 at ang mga pinakamainam na paraan upang bawasan ang transmisyon at panatilihin ang mga New Yorker.

Tandaan ang apat na pangunahing gagawin upang pigilin ang transmisyon ng COVID-19:

- **Manatili sa bahay kung may sakit:** Manatili sa bahay kung may sakit ka malibang aalis sa mahalagang medikal na pangangalaga (kasama ang pag-test sa COVID-19) o iba pang mahalagang lakad.
- **Pisikal na pagdidistansiya:** Manatiling nakalayo ng hindi bababa sa 6 feet sa iba.
- **Magsuot ng pantakip sa mukha:** Protektahan ang mga nakapaligid sa iyo. Maaaring nakahahawa ka nang walang mga sintomas at maikakalat mo ang sakit kapag umubo, bumahing o nagsalita ka. Maaaring tumulong ang mga pantakip sa mukha na bawasan ang pagkalat ng COVID-19.
- **Gawin ang malusog na kalinisan ng kamay:** Hugasang madalas ang mga kamay mo ng sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer na may alkohol kung walang sabon at tubig; madalas linisin ang mga regular na hinahawakang ibabaw; iwasang hawakan ang mukha mo ng mga hindi pa nahuhugasang kamay, at takpan ang bibig kapag umubo o bumahing ng iyong braso, hindi ng mga kamay mo.

Bagaman maaaring buksan mong muli ang lugar ng trabaho mo sa sandaling sumunod ka sa mga hakbang sa ibaba, ang pinakamahusay na paraan upang bawasan ang pagkalat ng COVID-19 at protektahan ang mga empleyado ay magpatuloy na magtrabaho sa bahay hangga’t maaari. Kapag sama-sama maaari nating bawasan ang transmisyon ng COVID-19 sa NYC.

Ano ang dapat kung gawin upang legal na muling buksan ang negosyo ko?

Mga kinakailangang hakbang bago muling magbukas

- Gumawa ng [Plano ng Kaligtasan](#) at ipaskil ito sa lugar na pinagtatrabahuan mo.
- Basahin ang [mga alituntunin ng Estado ng New York State \(NYS\)](#) at pagtibayin ang pagsunod. Hinihiling ng Estado na pagtibayin mo na narepaso at naunawaan mo ang mga alituntunin na inilabas ng Estado at na ipapatupad mo sila. Maaari mong punan ang form ng pagpapatibay sa forms.ny.gov/s3/ny-forward-affirmation.

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon.

8.17.20